



Lungsod at County ng San Francisco  
London N. Breed  
Alkalde

## Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng San Francisco

Greg Wagner

Pansamantalang Direktor ng Kalusugan

**Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center**

Mivic Hirose, RN, CNS, Ehekutibong Administrador

### **MGA TUNTUNIN AT RESPONSABILIDAD SA LAGUNA HONDA**

Nilalayon ng Laguna Honda na tulungan ang lahat ng taong inaalagaan namin na abutin ang kanilang pinakamataas na antas ng pagsasarili sa pamamagitan ng pagpapanatili ng pasilidad na nakakagaling. Para sa amin, nangunguna ang inyong mga pangangailangan at kagustuhan. Upang maging matagumpay ang inyong pamamalagi sa ospital, hinihiling namin na sundin ninyo ang mga sumusunod na tuntunin at responsibilidad:

1. **MGA ORAS NG PAGDALAW.** Hinihikayat namin ang inyong patuloy na pakikipag-ugnayan sa mga positibong taong bahagi ng inyong buhay. Malugod na tinatanggap namin ang mga miyembro ng inyong pamilya at kaibigan na gustong bumisita sa inyo sa Laguna Honda. Ang aming mga inirerekomendang oras ng pagdalaw ay 10:00 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi. Hinihiling namin na abisuhan kami ng mga bisita kung kailan gusto nilang dumalaw upang mai-schedule namin ang kanilang dalaw kapag, ayon sa inyong schedule, wala kayong appointment sa doktor o terapruta, o ibang gawain sa ospital. Kailangan dumaan ang mga bisita sa lobby information desk at sa nursing station sa inyong care neighborhood.
2. **MGA HILING NA BIGYAN NG MGA PASS PAGKATAPOS MAKALIPAS ANG 14 ARAW MULA SA PAGPASOK.** Kapag makapasok kayo, bibigyan namin kayo ng lubusang pagtatasa ng inyong kalusugan at mga kalagayan ng inyong buhay. Ipapakita din sa inyo ang pasilidad ng Laguna Honda. Sa buong proseso na magtatagal ng dalawang linggo, hinihiling namin na manatili kayo sa ospital. Pagkatapos, dapat humiling ng mga pass upang makaalis sa campus pagkatapos makuha ang orden ng inyong doktor.
3. **KAPAG UMAALIS SA KAPITBAHAYAN, MAG-SIGN IN AT MAG-SIGN OUT SA NURSING STATION** ng inyong care area kapag umaalis sa gusali.
4. **PAGLABAS SA LAGUNA HONDA.** Hinihiling namin na makipagtulungan kayo at ang inyong care team upang makabuo ng malinaw na plano ng paglabas (plan for discharge) na magbibigay sa inyo ng pinakamataas na antas ng pagsasarili. Sa sandaling makapasok sa pasilidad uumpisahin ninyo at ng inyong care team ang pagbuo ng mga layunin sa pagbalik sa komunidad.
5. **PAGLAHOK SA REHABILITATION PROGRAM.** Kung nakatala kayo sa rehabilitation program, kailangan ninyong pumunta at lumahok sa inyong nakai-schedule na mga terapewtika. Nangyayari ang mga pulong Lunes hanggang Linggo, mula 8:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon. Hahandain kayo ng inyong care team para sa inyong paglabas sa pasilidad kapag naabot ninyo ang inyong mga layunin, hindi na kayo umuunlad, o may ibang lugar sa pamayanan na maaaring tumugon sa inyong mga kinakailangang terapewtika.
6. **MGA BAWAL NA AKTIBIDAD NA MAAARING MAGRESULTA SA INYONG PAG-ALIS – Bawal ang DI-AWTORISADONG PAGGAMIT O PAGTATAGLAY NG ALAK, DI-LEGAL NA DROGA AT/O MGA KAGAMITAN NA MAY KAUGNAYAN SA DROGA.** Kung mayroon kayong kasaysayan ng di-ligtas na paggamit ng droga o alak, upang masiguro ang inyong kaligtasan at ang kaligtasan ng iba, maaaring hilingin ng inyong care team na (a) lumahok kayo sa isang substance abuse treatment program; (b) sumailalim kayo sa pasumalang pagtatasa ng inyong ihi (random urine toxicology screening); (c) pasumalang o rutinang ipasiyasat ang inyong silid at/o mga kagamitan upang maalis ang mga ipinagbabawal na bagay; at/o (d) makipagtulungan kayo at ang inyong care team upang magbuo ng isang kasunduan sa pamamahala ng asal.
7. **PAGTATAGLAY, PAGBEBENTA O PAGPAPALITAN NG DI-LEGAL AT NAKAKAPINSALANG MGA BAGAY,** gaya ng mga sandata, alak, sigarilyo, elektronikong mga sigarilyo, pansindi ng sigarilyo, posporo, o mga kasangkapang nagpapaningas, nagpapasindi, o nagpapasiklab ng apoy, na lumalabag sa patakaran ng ospital.



Lungsod at County ng San Francisco  
London N. Breed  
Alkalde

## Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng San Francisco

Greg Wagner

Pansamantalang Direktor ng Kalusugan

**Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center**

Mivic Hirose, RN, CNS, Ehekutibong Administrador

8. Hindi tinitii ang AGRESIBONG MGA KILOS, MAGING PASALITA O PISIKAL.
9. PERSONAL NA PAG-AARI. Maaring magtaglay ng mga ari-arian ang mga naninirahan sa Laguna Honda kung may malalagyan, hindi makasasama, at hindi peligroso. Nagbibigay ang Laguna Honda ng baul na may tatlong drawer, aparador, maliit na mesa sa tabi ng kama kung saan maaaring maglagay ng mga personal na bagay-bagay. Maaring isusi ang isang drawer ng mesita upang makatago ng mga mahal na bagay. Kung maaari, huwag magdala ng mga mahal na bagay sa ospital upang mabawasan ang posibilidad na mananakaw o mawawala ang mga ito. Walang maiimbak na pag-aari sa Laguna Honda. Kapag handa kayong umalis sa pasilidad, kailangan ninyong dalhin ang lahat ninyong personal na pag-aari o alisin ang lahat nito sa ibang paraan.
10. Hindi maaring igarahe sa Laguna Honda ang inyong PERSONAL NA SASAKYAN. Hindi din maaring iparada sa labas ng pasilidad ang personal na sasakyan na isang naninirahahn. Kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sasakyan, motorsiklo, bisikleta o anumang iba pang sasakyang de-motor.
11. Dapat ligtas na gumamit ng mga WHEELCHAIR. Maaaring tiyakin ng mga occupational therapist at ipakita sa naninirahan kung paano, halimbawa, nililimitahan ang bilis ng elektrikong wheelchair, magmaneho at magposisyon nito, at iba pa.
12. PAMANTAYAN SA PAGIGING LIGTAS SA SUNOG. Upang masiguro ang inyong kaligtasan at ang kaligtasan ng ibang mga naninirahan, mahusay na sisiyasatin ng staff ang inyong silid at/o ang inyong mga kasangkapan upang maipon ang mga pansindi ng sigarilyo, posporo, mga elektronikong sigarilyo, at iba pang mga kasangkapang nagpapaningas, nagpapasindi, o nagpapasiklab ng apoy upang hindi magsapanganib kung ikakabit kayo sa isang tangke ng oksiheno habang nasa Laguna Honda, bago ang unang pagkabit at pana-panahon sa buong itinagal ng inyong paggamit ng iniresetang oksiheno.
13. PASILIDAD KUNG SAAN HINDI MAARING MANIGARILYO AT KUNG SAAN MAY NAKATAKDANG LUGAR PARA SA PANINIGARILYO. Hindi maaring manigarilyo sa Laguna Honda subalit mayroon itong nakatakdang lugar kung saan maaring manigarilyo. Ipinunin ng staff ang mga pansindi ng sigarilyo, posporo, elektronikong sigarilyo, at iba pang mga kasangkapang nagpapaningas, nagpapasindi, o nagpapasiklab ng apoy upang hindi magsapanganib ang mga ito. Sa inyong pagpili na pumasok sa Laguna Honda, sumasang-ayon kayong susundin ninyo ang Smoke and Tobacco Free Environment policy ng Laguna Honda, o ang patakaran nito sa pagpapanatili ng pasilidad na walang usok o paninigarilyo. Kabilang dito ang mga sumusunod na pangako:
  - a. Hindi kayo maninigarilyo kahit saan sa pasilidad ng LHH, maliban kung nasa lugar na itinakda para sa paninigarilyo;
  - b. Hindi kayo maninigarilyo kung gumagamit ng oksiheno sa tangke;
  - c. Hindi kayo maninigarilyo kung nasa paligid ng mga taong gumagamit ng oksiheno sa tangke; at
  - d. Kung lalabagin ninyo ang Smoke and Tobacco Free Environment policy ng Laguna Honda, matapat kayong makikipagtulungan sa inyong care team upang makabuo ng (mga) remedyong makakatulong sa inyong pagsunod sa patakaran. Maaaring mabilang sa mga remedyo ang (a) pasumalang at rutinang pagsisiyasat ng inyong silid at/o mga pag-aari; (b) pag-alis ng mga kasangkapang ginagamit sa paninigarilyo at mga bawal na bagay sa inyong pag-aari; at/o (c) pag-alis sa Laguna Honda.
14. TAHIMIK NA PANAHOON. Tulog ang karamihan sa mga naninirahan sa Laguna Honda sa pagitan ng 10:00 ng gabi at 7:30 ng umaga. Upang makatulog ng mahimbing ang lahat, sa mga oras na iyon, mangyaring padilimin ang mga ilaw at huwag mag-ingay.



Lungsod at County ng San Francisco  
 London N. Breed  
 Alkalde

# Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng San Francisco

Greg Wagner  
 Pansamantalang Direktor ng Kalusugan

**Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center**  
 Mivic Hirose, RN, CNS, Ehekutibong Administrador

15. PANONOOD NG TV. Sa tabi ng bawat kama nag-instala kami ng TV na mayroong headphone jack para makontrol ang ingay. Mangyaring gamitin ang pillow speaker o headphone upang di maistorbo ang ibang mga naninirahan. Ang mga TV sa sala ay para sa panonood ng buong grupo na hindi nangangailangan ng headphone.
16. MGA TELEPONO. May magagamit ng telepono sa lahat ng kapitbahayan. Hinihikayat namin na paikliin ang mga tawag upang magamit ng lahat ng mga naninirahan ang iilang telepono sa pasilidad.
17. PAGLIPAT SA LOOB NG LAGUNA HONDA. Upang mabigyan kayo ng pinakaangkop na pagangalaga habang nasa Laguna Honda, maaaring ilipat kayo sa ibang kapitbahayan, pamamahay, o silid. Kung kailangan kayong ilipat, aabisuhan kayo o ang inyong kinatawan ng isang care team member. Ipapakita niya sa inyo ang inyong bagong tirahan at ipakikilala sa inyo ang inyong bagong kasambahay, kung mayroon.
18. SHORT STAY ADMISSION (PAGPASOK NG IILANG ARAW) LAMANG. Maaaring mas maikli kaysa 100 araw ang inyong pamamalagi sa LHH, dahil maaaring di matagalan ang inyong pangangailangan sa pangangalaga ng sanay na nars at ibabalik kayo sa inyong dating tirahan.
19. MGA PATAKARAN NA ANGKOP SA MGA NANINIRAHAN. Sa pagpasya na papasok sa Laguna Honda at sa paglagda sa ibaba, sumasang-ayon kayo na babasahin at susundin ninyo ang lahat nga mga patakaran ng Laguna Honda na naaangkop sa mga naninirahan, na maaari ninyong basahin muli kung hihilingin lamang ninyo sa nursing station.

**Aking nabasa at naiintindihan ang mga nilalaman ng Mga Tuntunin at Responsibilidad sa Laguna Honda. Kung mayroon akong anumang mga katanungan, nauunawaan kong maaari akong makipag-ugnayan sa isang miyembro ng aking care team.**

---

**Aplikante o Legal na Kinatawan**  
 Ilimbag ang Pangalan:

---

**Petsa**

---

**Kinatawan ng Pasilidad**  
 Ilimbag ang Pangalan:

---

**Petsa**

---

**Saksi (Ikalawang saksi kung walang lagda ng naninirahan o kinatawan)**  
 Ilimbag ang Pangalan:

---

**Petsa**